



Republika ng Pilipinas  
Kagawaran ng Edukasyon

**PAMBANSANG PUNONG REHIYON**

**3**

# ARALING PANLIPUNAN

**Pansariling Pampagkatutong Modyul  
Unang Kwarter**



Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office NCR at ng CLMD NCR. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na sinasaad ng IPR para sa karapatang pagkatuto.

Mga Tagasuri



# Araling Panlipunan

## Ikatlong Baitang

### **Regional Office Conformance Team:**

Andrew E. Tan, Dennis M. Mendoza, Gregorio T. Capiral, Rodel C. Apostol, Veronico O. Gonzales Jr., Levina Erni, Augusto S. Tinaliga, Lhey Ann C. Almonguera, Jenely C. Pasillos, Julieta C. Santos, Marichu M. Contreras, Ma. Corazon D. Orquin, Janet B. Losinio, Ma. Lalaine C. Vasquez, Luzviminda E. Salalila, Asteria DS Cabrera at Nany P. Labrada at Teddy C. Sarmiento

### **Schools Division Development Team:**

Gregorio T. Capiral, Augusto S. Tinaliga, Lhey Ann C. Almonguera, Jenely C. Pasillos, Julieta C. Santos, Marichu M. Contreras, Ma. Corazon D. Orquin, Janet B. Losinio, Ma. Lalaine C. Vasquez, Luzviminda E. Salalila, Asteria DS Cabrera, Nany P. Labrada, Jannah Marie L. Soriao at Leslie D. Petilla

**Araling Panlipunan Ikatlong  
Baitang  
USLeM - Learner's Material  
Unang Markahan  
Ikalawang Edisyon, 2022**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon NCR  
Patnugot: Wilfredo E. Cabral  
Ikalawang Patnugot: Rita E. Riddle

## Gabay sa Paggamit ng PIVOT Learner's Material

### Para sa Tagapagpadaloy

Ang Modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang Araling Panlipunan. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naaayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa ating mga mag-aaral para sa paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pagpapakita ng kakayahang may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusunod na aralin.

Salamat sa iyo!

### Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
3. Maging tapat at may integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi sa MELC. Kaya mo ito!

## Mga Bahagi ng PIVOT Modyul

	Bahagi ng LM	Nilalaman
<b>Panimula</b>	Alamin	Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na <i>outcome</i> ng pagkatuto para sa araw o Linggo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan
	Suriin	
<b>Pagpapaunlad</b>	Subukin	Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga aktibidad, gawain, nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral, karamihan sa mga gawain ay umiinog lamang sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC lalo na ang bahaging ito ay nagbibigay ng oras para makita ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan.
	Tuklasin	
	Pagyamanin	
<b>Pakikipagpalihan</b>	Isagawa	Ang bahaging ito ay may iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kailangang <i>Knowledge Skills and Attitude (KSA)</i> . Pinahihintulutan ng guro ang mga mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga KSA upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kanilang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/ gawain ng buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kanilang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga paksa.
	Linangin	
	Iangkop	
<b>Palalapat</b>	Isaisip	Ang bahaging ito ay nagtuturo sa mag-aaral ng proseso na maipakikita nila ang mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga at makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kanilang kaalaman sa pagbibigay ng repleksiyon, pag-uugnay o paggamit nang epektibo nito sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mga mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na nagbibigay sa kanila ng pagkakataong pagsamahin ang kanilang mga natutunan.
	Tayahin	



# Ang Simbolo sa Mapa

Ang araling ito ay naglalayong maipaliwanag ang kahulugan ng mga simbolong ginagamit sa mapa sa tulong ng panuntunan (katubigan, kabundukan, at iba pa)


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang talata.

Ang mapa ay gumagamit ng iba't ibang simbolo upang ipahiwatig ang ilang mga bagay o katangian at iba pang impormasyon tungkol sa mga lugar.

Ang mga simbolo o panandang ginagamit sa aktuwal na mapa ay may kani-kaniyang kahulugan. Kailangang malaman at maintindihan ang bawat simbolo sa mapa upang mas madali ang paghahanap sa isang lugar o mas lalo pa itong makilala.

Madali lamang tandaan ang mga simbolo sa mapa. Karaniwang ginagamit na larawan sa mga simbolo ay ang mga hugis nito.

**Ang mga simbolo at kahulugan nito**

				
bundok	bulkan	bulubundukin	buro	kapatagan
				
dagat	lawa	talon	look	ilog
				
kagubatan	ospital	simbahan	paaralan	mga bahay


D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Kilalanin ang mga simbolo na ginagamit sa mapa at isulat ang sagot sa sagutang papel .






\_\_\_\_\_1.  \_\_\_\_\_2.  \_\_\_\_\_3. 

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Pag-aralan ang mapa ng Pambansang Punong Rehiyon o "National Capital Region". Iguhit sa sagutang papel ang mga simbolong makikita rito.

- \_\_\_\_\_ 1.
- \_\_\_\_\_ 2.
- \_\_\_\_\_ 3.
- \_\_\_\_\_ 4.
- \_\_\_\_\_ 5.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Piliin sa Hanay B ang mga kahulugan ng simbolo na nasa Hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

- A**
- \_\_\_\_\_ 1. 
  - \_\_\_\_\_ 2. 
  - \_\_\_\_\_ 3. 
  - \_\_\_\_\_ 4. 
  - \_\_\_\_\_ 5. 

- B**
- A. Dagat
  - B. Talon
  - C. Bulkan
  - D. Kagubatan
  - E. Bulubundukin

**E**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Iguhit sa loob ng kahon ang mga simbolong ginagamit sa mapa.



1. Ospital

2. Simbahan

3. Kapatagan

4. Kagubatan

5. Kabundukan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Basahing mabuti at isulat ang tamang letra sa sagutang papel.


1. Ano ang tawag sa larawan o representasyon sa papel ng isang lugar?  
A. Libreta      B. Mapa      C. Pananda      D. Simbolo

2. Saan ginagamit ang mapa? Sa\_\_\_\_\_?


- A. Paglikha ng sining
- B. Paggawa ng mga daan, gusali at tulay
- C. Pagguhit ng mga lugar na malapit at malayo
- D. Paghahanap ng kinalalagyan ng isang bagay o lugar

3. Tingnan at pag-aralan ang mapa. Ano ang kahulugan ng simbolong nakabilog?

- A. Mga bahay
- B. Ospital
- C. Paaralan
- D. Simbahan



4. Ang mga hayop ay nakatira sa lugar na may maraming puno. Ito ay

may simbolong . Ano ang tawag sa lugar na ito?

- A. Bulubundukin
- B. Kabahayanan
- C. Kagubatan
- D. Kapatagan


5. Alin sa mga sumusunod ang tawag sa mga panandang ginagamit sa mapa na nagbibigay ng impormasyon at nagtuturo ng eksaktong kinalalagyan ng isang lugar o pook?

- A. Kasangkapan
- B. Katangian
- C. Larawan
- D. Simbolo

### Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:

Ang bata ay maglalakbay patungo sa ilog na magmumula sa kapatagan gamit ang mapa. Ano-ano ang kaniyang makikitang simbolo? Isulat sa sagutang papel.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_



**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Sa iyong palagay, bakit mahalagang malaman at maintindihan ng mga batang nasa ikatlong baitang ang kahalagahan ng mapa at ng mga simbolong ito. Sumulat sa sagutang papel ng dalawang pangungusap.

## Kinalalagyan ng mga Lungsod / Bayan sa Sariling Rehiyon

Aralin 2

WEEK

2

**I**


Ang araling ito ay naglalayong makatulong sa iyong pag-aaral upang maipamalas ang husay sa paggamit ng pangunahin at pangalawang direksiyon na matukoy ang lokasyon ng mga lungsod/bayan sa sariling rehiyong kinabibilangan.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawaing mabuti ang talata.

Alam mo ba kung saan direksiyon matatagpuan ang iyong lungsod/bayan sa sariling rehiyon? Paano mo matutukoy ang lokasyon nito at ng iba pang mga lungsod sa kalakhang Maynila?

May apat na **Pangunahing Direksyon** na ginagamit sa mapa upang matukoy ang kinalalagyan ng isang lugar. Ang mga ito ay **Hilaga, Timog, Silangan** at **Kanluran**. Ang hilaga ay makikita sa bandang itaas na bahagi ng mapa. Ito ay katapat ng Timog. Ang Timog ay nasa babang bahagi na direksyon. Ang Silangan naman ay nasa gawing kanan, kung saan nasisilayan ang buwang-liwayway. Ang kanluran naman ay nasa gawing kaliwa kung saan lumulubog ang araw. Ang **Pangalawang Direksyon** naman ay makikita sa pagitan ng pangunahing direksyon. Ang mga ito ay **Hilagang-Silangan, Hilagang-Kanluran, Timog-Silangan** at **Timog-Kanluran**. Mahalaga ang mga direksyon na ito upang malaman natin ang kinalalagyan ng mga lugar. May mga simbolo sa mapa na ginagamit upang makita natin ang kinaroroonan ng isang lugar o pook. Narito ang mga pananda na ginagamit sa mapa.



**Compass rose**- Ito ay ginagamit upang ipakita ang pangunahing direksyon at pangalawang direksiyon.



**Compass** – ito ay laging nakaturo sa Hilaga, isang kagamitan na ginagamit ng mga iskawts upang matiyak ang lokasyon ng isang lugar upang hindi sila maligaw.



**North Arrow**- Ito ay ginagamit upang ituro kung nasaan ang North.

Tingnan ang nakalarawang mapa ng mga lungsod at munisipalidad sa Kalakhang Maynila. Iba-iba ang lokasyon ng bawat lungsod at munisipalidad. Suriin ang mapa ng **National Capital Region (NCR)** o **Pambansang Punong Rehiyon** ng bansa na makikita sa **Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Pag-aralan ang mapa ng NCR. Isulat sa patlang kung saang pangunahing direksyon matatagpuan ang mga sumusunod na lungsod. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



1. Caloocan (North) - \_\_\_\_\_
2. Maynila - \_\_\_\_\_
3. Muntinlupa - \_\_\_\_\_

# D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Basahin ang mga pahayag sa bawat pangungusap. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

Mapa	North Arrow	Pangunahing Direksiyon
Compass	Compass Rose	Pangalawang Direksiyon

1. Ginagamit sa mapa upang ituro kung saan ang Hilaga. \_\_\_\_\_
2. Ang Hilaga, Timog, Kanluran at Silangan ay tinatawag na \_\_\_\_\_.
3. Mga direksiyon na makikita sa pagitan ng mga pangunahing direksyon. \_\_\_\_\_
4. Ang ginagamit na pananda sa mapa upang ipakita ang pangunahin at pangalawang direksiyon. \_\_\_\_\_
5. Kagamitan na ginagamit ng mga iskawts upang matiyak ang lokasyon ng isang lugar na kanilang kinatatayuan. \_\_\_\_\_

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Gamit ang mapa ng NCR na nasa *Gawain sa Pagkatuto Bilang 2*, isulat ang tamang sagot sa sagutang papel batay sa Lunasod na Mavnila.

1. Timog - \_\_\_\_\_
2. Hilaga - \_\_\_\_\_
3. Silangan - \_\_\_\_\_
4. Timog-Silangan- \_\_\_\_\_
5. Hilagang-Silangan- \_\_\_\_\_

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Basahin at unawain ang mga tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod ang ginagamit sa mapa upang matukoy ang kinalalagyan ng isang lugar o pook?  
A. *Compass*    B. Simbolo    C. *North Arrow*    D. *Compass Rose*
2. Kung ikaw ay nakaharap sa hilaga, anong direksiyon ang nasa likuran mo?  
A. Hilaga    B. Timog    C. Silangan    D. Kanluran

3. Alin sa mga sumusunod ang mga pangunahing direksiyon?
- |                      |                         |
|----------------------|-------------------------|
| I.Hilaga at Timog    | III.Hilagang-Kanluran   |
| II.Hilagang-Silangan | IV.Silangan at Kanluran |
- A. I at II                      B. II at III                      C. III at IV                      D. I at IV
4. Anong lungsod sa Maynila ang nasa gawing Hilagang-Silangan?
- |            |                 |
|------------|-----------------|
| I.Caloocan | III.Quezon City |
| II.Makati  | IV.Pasay        |
- A. I                      B. II                      C. III                      D. IV
- 5.Ang mga sumusunod ay naglalarawan sa paggamit ng *Compass Rose*, **maliban** sa isa.
- A. Upang malaman ang lokasyon ng isang pook.
  - B. Upang matukoy ang kinaroroonan ng isang lugar.
  - C. Upang malaman mo ang iba't ibang sagisag ng bansa.
  - D. Upang madaling marating ang lugar na nais puntahan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Basahin ang bawat pangungusap. Iguhit sa sagutang ang masayang mukha 😊 kung wasto ang inilalarawan at malungkot na mukha ☹ kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Sa Timog lumulubog ang araw.
- \_\_\_\_\_ 2. Kung ikaw ay nakaharap sa Timog, Hilaga ang nasa gawing kaliwa mo.
- \_\_\_\_\_ 3. Kung ang kanang kamay ay nakaturo sa kanan, ito ay nasa dakong pakanluran.
- \_\_\_\_\_ 4. Matatagpuan ang pangalawang direksiyon sa pagitan ng mga pangunahing direksiyon.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang direksyon ay mahalagang matutunan upang matunton ang kinaroroonan ng isang lugar.

**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Ipaliwanag ang iyong sagot sa katanungang ito at isulat sa sagutang papel.

Bakit mahalagang malaman ang paggamit ng pangunahin at pangalawang direksiyon?



# Ang Katangian ng Populasyon sa Iba't ibang Pamayanan ng Rehiyon

Aralin 3

1

Sa araling ito, inaasahang masusuri ang katangian ng populasyon ng iba't ibang pamayanan sa sariling rehiyon batay sa edad, kasarian, etnisidad at relihiyon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang talata sa ibaba.

Ang **populasyon** ay tumutukoy sa bilang ng mga taong naninirahan sa iisang lugar o pook. Magkakaiba ang populasyon sa bawat lungsod o bayan. Mayroong malaking populasyon, mayroon din namang maliit.

Isang mabisang paglalarawan sa populasyon ay ang paggamit ng **bar graph**. Ang *bar graph* ay nagpapakita ng pagkakaiba – iba sa dami ng mga tao sa pamayanan, maging ito man ay batay sa edad, kasarian, etnisidad o relihiyon.

Upang lubos na maunawaan ang aralin, alamin muna natin ang kahulugan ng ilang mga kaisipan sa pagsusuri ng mga katangian ng populasyon.


**Edad-** Ang edad ay tumutukoy sa gulang, anyos o tanda ng isang tao.

**Kasarian-** Ang kasarian ay tumutukoy kung babae o lalaki ang isang tao.

**Etnisidad-** Ang etnisidad ay tumutukoy sa pangkat etnikong kinabibilangan ng isang tao.

**Relihiyon-** Ang relihiyon ay tumutukoy sa pananampalataya ng isang tao.

**Ang Populasyon ng Ilang Lungsod sa NCR**  
**Ayon sa 2015 Census of Population and Housing**




**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Suriin ang *bar graph* sa itaas at sagutan ang sumusunod na katanungan sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Ilang lungsod ang pinagkunan ng impormasyon o datos sa *bar graph* tungkol sa populasyon?
- \_\_\_\_\_ 2. Anong lungsod sa NCR ang may pinakamataas na populasyon batay sa *bar graph*?
- \_\_\_\_\_ 3. Anong lungsod ang pumapangalawa sa may pinakamataas na Populasyon.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gamit ang *bar graph* sa ibaba, sagutin ang mga katanungan sa pamamagitan ng pagpili ng tamang letra. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Bahagdan ng Populasyon ng Limang Pangunahing Etnisidad sa NCR  
(Ayon sa 2010 Census of Population and Housing)**



1. Ilang bahagdan ng populasyon ng mga Ilocano ang naninirahan sa NCR?  
A. 5%      B. 5.70%      C. 11.50%      D. 54.90%
2. Anong etnisidad ang may pinakamataas na bahagdan sa populasyon ng NCR?  
A. Bicol      B. Bisaya      C. Tagalog      D. Waray
3. Anong etnisidad ang may bahaging 8% ng populasyon sa NCR?  
A. Bicol      B. Bisaya      C. Ilocano      D. Tagalog
4. Kung paghahambingin ang mga bilang ng mga Ilocano at Waray sa NCR, aling etnisidad ang mas marami?  
A. Bicol      B. Ilocano      C. Tagalog      D. Waray
5. Kung susuriin ang populasyon ng Bicol at Bisaya, anong paglalarawan ang maaari mong mabuo?  
A. Pinakamalaki ang populasyon ng Bicol sa NCR.  
B. Mas maliit ang populasyon ng Bisaya kaysa sa Bicol.  
C. Mas malaki ang populasyon ng Bisaya kaysa sa Bicol.  
D. Magkapareho ang dami ng populasyon ng Bicol at Bisaya.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Pag-aralang mabuti ang tsart sa ibaba. Pagsunod-sunurin ang mga relihiyon sa NCR mula sa may pinakamataas na populasyon hanggang sa pinakamababa. Lagyan ng bilang 1-5. Gawin ito sa sagutang papel.

Relihiyon	Populasyon	Bahagdan
Iglesia ni Cristo	373,147	3.2%
Islam	105,094	0.9%
Evangelicals	180,089	1.5%
Romano Katoliko	10,571,327	89.6%
Jehovah's Witness	42,343	0.4%

\_\_\_\_\_ Islam  
 \_\_\_\_\_ Evangelicals  
 \_\_\_\_\_ Iglesia ni Cristo  
 \_\_\_\_\_ Romano Katoliko  
 \_\_\_\_\_ Jehovah's Witness

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Buoin ang mga pangungusap batay sa mga impormasyong inyong natuklasan mula sa tsart sa itaas. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1. Ang pinakapangunahing relihiyon sa sambahayan ng NCR ay ang \_\_\_\_\_
2. Ang pang-apat sa pangunahing relihiyon sa NCR ay ang \_\_\_\_\_.
3. Ang relihiyong Iglesia ni Kristo ay may katumbas na bahagdang \_\_\_\_\_.
4. Ang mga mananampalatayang Romano Katoliko ay may kabuoang bilang na \_\_\_\_\_.
5. Ang populasyon ng relihiyong \_\_\_\_\_ ay mas malaki kaysa sa mga relihiyong Islam at Jehovah's Witness.

**E**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Pag-aralang mabuti ang *bar graph* sa ibaba. Sagutin ng **tama** o **mali** ang sumusunod na pangungusap. Gawin ito sa sagutang papel.




## Populasyon ng Lalaki at Babae sa Piling Lungsod ng NCR Ayon sa 2015 *Census of Housing and Population* (*Approximated Value*)



1. Ayon sa *bar graph*, pinakakaunti ang lalaki sa Lungsod ng San Juan.
2. Ang mga lalaki sa Lungsod ng Marikina ay tinatayang nasa 231,000.
3. Ang Lungsod ng Parañaque ang may pinakamataas na bilang ng mga lalaki at babae.
4. Sa dalawang pangkat ng mga tao, may mas malaking bilang ang mga lalaki kaysa sa mga babae.
5. Ang populasyon ng lalaki at babae sa Lungsod ng Makati ay mas malaki kaysa sa Lungsod ng Marikina.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Gumawa ng paglalarawan tungkol sa populasyon ng mga taong naninirahan sa NCR batay sa edad sa pamamagitan ng pagsulat ng tatlo o higit pang pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

## Populasyon sa NCR Batay sa Edad Ayon sa 2015 *Census of Housing and Population*



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Matapos mong masuri ang mga katangian ng populasyon sa NCR, gumawa ng pagbubuod ng mga natutunan mong impormasyon tungkol dito sa pamamagitan ng pagsulat ng tig-iisang pangungusap sa loob ng bawat kahon. Gawin ito sa sagutang papel.

### Katangian ng Populasyon sa NCR

Edad	Kasarian	Etnisidad	Relihiyon

### Katangiang Pisikal ng Rehiyon ng NCR

Aralin 4

WEEK  
4

I

Ang aralin na ito ay naglalayon na matukoy at mailarawan ang mga katangiang pisikal ng mga lungsod sa rehiyon, masabi ang mga anyong lupa at anyong tubig na nagpapakilala sa rehiyon at mapahalagahan ang mga anyong lupa at anyong tubig na nagpapakilala sa rehiyon

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.** Basahin at unawain ang talata.

Ikalawa sa may pinakamataas na populasyon sa Pilipinas ay ang *National Capital Region (NCR)*. Ano-ano ba ang mga lugar na nagpapakilala sa rehiyong ito? Paano mo ba ito maipakikilala at maipagmamalaki sa iba? Paano mo ba ito mapahahalagahan upang mapanatili ang kagandahan at kalinisan ng lugar? Maraming mga lugar ang kilala sa rehiyong ito.



Ang **Rizal Park** sa Maynila ay makikita sa isang napakalawak at patag na lugar. Ito rin ay tinawag na Luneta Park. Ang Rizal Park ay ipinangalan sa ating Pambansang Bayani na si Dr. Jose Rizal na kung saan ay dito binaril ng mga sundalong Kastila at namatay.



Ang **Navotas Fish Port** sa Navotas ay matatagpuan sa gilid ng napakalawak na katubigan ng Manila Bay. Ito ang pinakamalaking daungan, bagsakan at pamilihan ng mga isda at iba pang yamang dagat sa buong Asya. At dahil dito kaya tinawag ang Navotas na *Fishing Capital of the Philippines*



Ang **Lambak ng Marikina** ay patag na lugar sa pagitan ng bundok. Ang Marikina ay kilala bilang Sentro o Kabisera ng Sapatos sa Pilipinas. Dahil dito, ito ay tinaguriang "*Shoe Capital of the Philippines*" o "Pambansang Kapital ng Sapatos ng Pilipinas" dahil sa kanyang sikat na industriya ng sapatos.



Ang **Ilog Pasig** na nagdudugtong sa Laguna de Bay papuntang Manila Bay at dumadaan sa iba't ibang lungsod ng Pasig, Taguig, Mandaluyong, Makati at Manila palabas ng Look ng Maynila. Noon, ang ilog na ito ay nagsisilbing mahalagang rutang pangtransportasyon.



Ang **Look ng Maynila** ay nagsisilbing paradahan ng mga malalaking barko upang maghatid ng mga produktong galing sa ibang bansa. Paboritong pasyalan sa baybayin nito ang Rizal Park at Roxas Boulevard sa Maynila. Marami ang nanonood sa napakagandang tanawin kapag papalubog na ang araw sa dapithapon na hinahangaan sa buong mundo.



Ang **Ninoy Aquino International Airport (NAIA)** ay makikita sa Lungsod ng Pasay na may napakalawak na patag na lupain. Ipinangalan kay dating Senador Ninoy Aquino.

Ang bawat isang lugar na nabanggit ay nagpapakilala sa mga lungsod na nasa rehiyon ng NCR. Sa bawat lungsod ay may iba't ibang anyong lupa at tubig na makikita. Ang mga ito ay dapat nating ipagmalaki. Mapananatili natin ang kaayusan at kalinisan ng mga lugar na ito kung tayo ay makikipagtulungan at susunod sa batas na makapagpapanatili ng kaayusan nito.





**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2.** Tukuyin kung ano ang nasa larawan. Piliin ang letra ng tamang sagot sa loob ng kahon at isulat sa patlang.

**A. Look ng Maynila    B. Rizal Park    C. Ninoy Aquino International Airport    D. Ilog Pasig**

1.  \_\_\_\_\_
2.  \_\_\_\_\_
3.  \_\_\_\_\_

**D**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3.** Iguhit sa loob ng kahon ang  kung ito ay tamang paraan upang mapangalagaan ang anyong lupa at anyong tubig at  kung hindi.


1. Ang pagsunod sa mga *signages* o paalala na makikita sa parke ay magpapanatili sa kagandahan at kaunlaran ng lugar na ito.
2. Ang *pagrecycle* ng mga basura ay isang paraan upang mapakinabangan pa ang mga gamit na puwede pa ulit magamit.
3. Maaaring itapon ang mga basura sa ilog kung walang nakatingin o walang babalang nakalagay.
4. Kung mag*picnic* sa parke, maaaring iwanan ang mga basura sa tabi ng daan bago umuwi.
5. Ang pagpapanatili ng kalinisan sa mga anyong tubig ay isang paraan ng pangangalaga ng kapaligiran.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4.** Isulat kung anong uri ng anyong lupa o tubig ang tinutukoy sa larawan. Isulat ang sagot sa hanay na kabilang ito.

Halimbawa:



Navotas Fishport -      dagat

1



2





3.



Rizal Park

5.



Ilog ng Pasig

4.



Lambak ng Marikina

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5.** Basahin at unawain ang mga pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Ito ang nagsisilbing paradahan ng mga malalaking barko na galing sa ibang bansa.
  - A. Ilog Pasig
  - B. Look ng Maynila
  - C. Navotas Fishport
  - D. Lambak ng Marikina
- \_\_\_\_\_ 2. Ito ang binansagang Pambansang Kapital ng Sapatos ng Pilipinas.
  - A. Lungsod ng Quezon
  - B. Lambak ng Marikina
  - C. Lalawigan ng Quezon
  - D. Lungsod ng Parañaque
- \_\_\_\_\_ 3. Sa iyong palagay, alin sa mga pangungusap sa ibaba ang **hindi** tamang paraan para mapanatili natin ang kaayusan ng ating lugar?
  - A. Pagpuputol ng mga bulaklak na nakatanim sa parke.
  - B. Pagsunod sa mga signages o paalala na makikita sa ating pamayanan.
  - C. Pagpapanatiling malinis at maayos ang loob at labas ng ating tirahan.
  - D. Pagbibigay ng tamang pangangalaga sa hayop upang hindi makakagat ng mga tao sa kalsada.
- \_\_\_\_\_ 4. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagpapakita ng tamang pangangalaga sa anyong tubig?
  - A. Pagtatapon ng basura sa ilog.
  - B. Pagtanim ng bakawan (*mangrove*).
  - C. Paggamit ng dinamita sa pangangisda.
  - D. Pagtatapon ng mga kemikal at langis sa dagat.
- \_\_\_\_\_ 5. Bilang isang bata, paano mo mamahalin at maipagmamalaki ang anyong lupa na makikita sa iyong sariling lungsod?
  - A. Pagputol ng mga puno sa kapaligiran
  - B. Panatilihing malinis ang mga makasaysayang lugar.
  - C. Mamasyal muna sa ibang lugar kaysa sa sariling lungsod.
  - D. Hindi pakikiisa sa mga proyekto sa pangangalaga ng anyong lupa na ipinatutupad ng sariling lungsod.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6.** Sumulat ng dalawang pangungusap na nagsasabi ng paraan upang mapanatili natin ang kalinisan at kaayusan ng ating anyong tubig. Isulat ito sa sagutang papel.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7.** Gumuhit ng *poster* na nagpapakita ng tamang pangangalaga ng anyong lupa. Iguhit ito sa isang malinis na *bond paper*.









WEEK  
5

I

## PAGKAUGNAY-UGNAY NG MGA ANYONG TUBIG AT LUPA

Aralin 5

Ang araling ito ay inaasahang matutukoy ang pagkakaugnay-ugnay ng mga anyong tubig at lupa sa mga lalawigan ng sariling rehiyon

Mga Anyong Tubig at Anyong Lupa sa Pambansang Punong Rehiyon	Paglalarawan	Mga Anyong Tubig at Anyong Lupa sa Pambansang Punong Rehiyon	Paglalarawan
	<ul style="list-style-type: none"> <li>Isang dam na pinag-iipunan ng tubig upang makapagsuplay ng tubig na ginagamit sa mga kabahayan</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>Nag-uugnay sa Parañaque, Pasay at Maynila patungong Look ng Maynila.</li> <li>Kilala rin sa tawag na Tambo River</li> </ul>
	<ul style="list-style-type: none"> <li>Isang mahalagang rutang pantransportasyon sa pamamagitan ng ferry boat</li> <li>Ang ilog Marikina at San Juan ang pangunahing sangay nito.</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>Pinakamainam na likas na daungan sa mundo na nagsisilbing Puerto ng Maynila</li> <li>Nakaugnay ito sa Mariveles, Bataan at Tangway ng Bataan</li> </ul>
	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nagmumula ang tubig nito sa La Mesa Dam at umaagos sa Malabon at Valenzuela patungo sa Look ng Maynila</li> <li>Ito ay Makikita sa hilagang Maynila</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>Pangunahing ilog na dumadaan sa Lungsod ng Marikina</li> <li>Napag-uugnay ugnay nito kahit na mga karatig lalawigan. Tulad ng Rodriguez, Rizal at San Mateo. Mula sa pook nito ay napag-uugnay -ugnay nito ang lungsod ng Pasig at Maynila</li> </ul>
	<ul style="list-style-type: none"> <li>Malawak na kapatagan at nag uugnay sa mga lungsod at bayan</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>Ang mga anyong lupa rin ay nag-uugnay sa mga lalawigan. Ang Sierra Madre ay nagsisilbing panangga ng Lambak ng Marikina kapag may malakas na hangin o bagyo.</li> </ul>

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Isulat sa sagutang papel kung Tama o Mali ang mga sumusunod na pangungusap.

1. Ang Tambo River ay nag-uugnay sa Parañaque, Pasay at Maynila patungong Look ng Maynila.
2. Ang kapatagan ng Pambansang Punong Rehiyon ay isang malawak na katubigan na nag uugnay-ugnay sa mga lungsod at bayan.
3. Ang lambak ng Marikina ay napag ugnay ugnay nito kahit na mga karatig lalawigan. Tulad ng Rizal at San Mateo. Mula sa pook nito ay napag ugnay -ugnay nito ang lungsod ng Pasig at Maynila.

# D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Tukuyin kung anong lugar ang inilalarawan sa mga sumusunod . Piliin ang letra ng tamang sagot sa loob ng kahon at isulat sa sagutang papel.



- |                     |   |
|---------------------|---|
| A. Ilog Pasig       | D. Ilog ng Parañaque                      |
| B. La Mesa Dam      | E. Kapatagan ng Pambansang Punong Rehiyon |
| C. Ilog ng Tullahan |   |

- \_\_\_\_\_ 1. Ito ay isang malawak na kapatagan at nag uugnay sa mga lungsod at bayan.
- \_\_\_\_\_ 2. Isang *dam* na pinag-iipunan ng tubig upang makapagsuplay ng tubig na ginagamit sa mga kabahayan .
- \_\_\_\_\_ 3. Isang mahalagang rutang pantransportasyon na ginagamitan ng *ferry boat* na nag-uugnay sa Ilog Marikina at Ilog San Juan.
- \_\_\_\_\_ 4. Nag-uugnay sa Parañaque, Pasay at Maynila patungong look ng Maynila. Kilala rin ito sa tawag na Tambo River.
- \_\_\_\_\_ 5. Nagmumula ang tubig nito sa La Mesa *Dam* at umaagos sa Malabon at Valenzuela patungo sa Look ng Maynila.Ito ay makikita sa hilagang Maynila.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Isulat sa talahanayan o talaan ang magkakaugnay na mga anyong lupa at anyong tubig na matatagpuan sa bawat lungsod at bayan. Ipaliwanag ang ugnayan ng bawat isa.

Magkakaugnay na Anyong Lupa o Anyong Tubig	Paliwanag

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Iguhit ang istar  kung ang sumusunod na pangungusap ay tama at araw  kung ito ay mali.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang Tambo River ay nag-uugnay sa Parañaque, Pasay at Maynila patungong Look ng Maynila.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang Ilog Marikina ay nag uugnay sa mga karatig lalawigan, tulad ng Rodriguez, Rizal at San Mateo
- \_\_\_\_\_ 3. Ang Ilog Pasig ay pinakamahabang ilog sa rehiyon at may mahalagang rutang pantransportasyon sa pamamagitan ng *ferryboat*.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang tubig sa Ilog ng Tullahan ay nagmumula sa Malabon at Valenzuela at umaagos patungong Maynila.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang Pambansang Punong Rehiyon o" *National Capital Region* "(NCR) ay isang malawak na kabundukan.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

- \_\_\_ 1. Ito ay isang malawak na kapatagan na nag-uugnay sa anyong lupa at anyong tubig na sentro ng kalakalan, pulitika at edukasyon.  
 A. Kapatagan ng Visayas C. Kapatagan ng Gitnang Luzon  
 B. Kapatagan ng Mindanao D. Kapatagan ng Pambansang Punong Rehiyon
- \_\_\_ 2. Nag-uugnay sa Parañaque, Pasay at Maynila patungong Look ng Maynila. Kilala rin sa tawag na Tambo River.  
 A. Ilog ng Pasig C. Ilog ng Tullahan  
 B. Ilog ng Marikina D. Ilog ng Parañaque
- \_\_\_ 3. Napag-uugnay ugnay nito kahit na mga karatig lalawigan. Tulad ng Rodriguez, Rizal at San Mateo. Mula sa pook nito ay napag-uugnay -ugnay nito ang lungsod ng Pasig at Maynila.  
 A. Ilog ng Pasig C. Ilog ng Tullahan  
 B. Ilog ng Marikina D. Ilog ng Parañaque
- \_\_\_ 4. Alin sa mga sumusunod ang makikita sa hilagang Maynila. Nagmumula ang tubig nito sa La Mesa Dam at umaagos sa Malabon at Valenzuela patungo sa Look ng Maynila?  
 A. Ilog ng Pasig C. Ilog ng Marikina  
 B. Ilog ng Tullahan D. Ilog ng Parañaque
- \_\_\_ 5. Ito ay isang anyong tubig na nagsisilbing rutang pangtransportasyon ng mga bangka at *barge* na kung saan naghahatid ng mga produkto papunta sa iba't ibang lungsod na dumadaloy mula sa Laguna de Bay.  
 A. Ilog ng Pasig C. Ilog ng Marikina  
 B. Ilog ng Tullahan D. Ilog ng Parañaque

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Basahin at sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

Ilog Marikina	Look ng Maynila	Sierra Madre
Ilog ng Pasig	Ilog ng Tullahan	Lambak ng Marikina

1. Anong anyong tubig ang nakaugnay sa Mariveles, Bataan at tangway ng Bataan? \_\_\_\_\_
2. Anong anyong tubig ang nag-uugnay ugnay sa mga karatig lalawigan, tulad ng Rodriguez, Rizal at San Mateo? \_\_\_\_\_
3. Anong anyong tubig ang nag-uugnay sa Parañaque, Pasay at Maynila patungong Look ng Maynila. \_\_\_\_\_
4. Anong anyong lupa ang nagsisilbing panangga ng Lambak ng Marikina kapag may malakas na hangin at bagyo? \_\_\_\_\_
5. Anong anyong tubig ang umaagos hanggang sa mga Lungsod ng Malabon Lungsod ng Valenzuela at nagtatapos sa Look ng Maynila? \_\_\_\_\_

**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Sumulat ng dalawang pangungusap kung paano nakatutulong ang pagkakaugnay-ugnay ng mga anyong tubig at anyong lupa ng kalakhang Maynila sa kabuhayan ng mga tao. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



# Paggawa ng Payak na Mapa ng mga Anyong Tubig at Lupa

## Aralin 6

### I

Ang araling ito ay tutulong upang makagawa ng payak na mapang nagpapakita ng mahahalagang anyong lupa at anyong tubig ng sariling lalawigan at mga karatig na lalawigan nito

**Gawain sa pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang talata

Ang mapa ay isang mahalagang instrumento upang malaman ang kinalalagyan ng isang lugar. Iba't ibang mapa ang maaaring gamitin. Karamihan sa mga mapang ito ay nagpapakita ng iba't ibang layunin.

Maraming uri ng mapa kung nais nating makita kung anong produkto ang mayroon sa isang lugar, maaari nating tingnan ang kanilang **mapang pang-ekonomiya**. Kung nais namang alamin ang uri ng klima sa isang lugar, maaaring tumingin sa kanilang **mapang pang-klima**. Mainam ito kapag nais nating pumunta sa lugar na iyon upang mapaghandaang mabuti ang paglalakbay.

Sa pag-aaral ng lungsod at bayan sa rehiyon, mahalagang matutuhan ang paggawa at paggamit ng mapa. Ito'y upang magsilbing-gabay sa lubusang pagkilala ng **katangiang-pisikal** ng lungsod at bayan sa rehiyon at ng karatig nito. Ang **mapang pisikal** ay uri ng mapa na naglalarawan ng mga anyong lupa at anyong tubig ng rehiyon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Isulat sa tsart ang ibat ibang anyong lupa at anyong tubig na makikita sa mapang pisikal ng Pambansang Punong Rehiyon o *National Capital Region* (NCR)


Pangalan ng Anyong Lupa	Pangalan ng Anyong Tubig
1.	3.
2.	4.
	5.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gamit ang mapa ng *National Capital Region* o Pambansang Punong Rehiyon. Iguhit ang isang simbolo ng anyong lupa o anyong tubig

Lungsod at Bayan	Simbolo
Hal. Muntinlupa	
1. Manila	
2. Marikina	
3. Malabon	
4. Parañaque	
5. Lungsod Quezon	

## Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Mga pangunahin at pangalawang direksyon



Isulat sa sagutang papel ang tamang direksyon ng mga sumusunod na anyong lupa at anyong tubig gamit ang mapa ng Pambansang Punong Rehiyon o *National Capital Region* (NCR) .

- Ilog Pasig- \_\_\_\_\_  
 Ilog ng Maynila- \_\_\_\_\_  
 Look ng Maynila- \_\_\_\_\_  
 Ilog ng Parañaque- \_\_\_\_\_  
 Lambak ng Marikina - \_\_\_\_\_

**E**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Basahin at suriing mabuti ang mga sumusunod na pangungusap. Iguhit sa sagutang papel ang masayang mukha 😊 kung ang inilalarawan ay tama at ☹️ malungkot na mukha kung hindi

- \_\_\_\_\_ 1. Ang Marikina ay isang lambak na anyong lupa.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang Parañaque ay may kapatagan na anyong lupa at anyong tubig na ilog.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang Mapang Pisikal ay isang uri ng mapa na naglalarawan ng anyong lupa at anyong tubig.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang Muntinlupa at Las Pinas ay nasa timog na bahagi ng mapa na bulubundukin.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang Caloocan at Quezon City ay nasa Hilagang direksyon ng mapa na kapatagan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Basahing mabuti at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Anong uri ng anyong lupa ang Parañaque, Taguig at Pasay?  
A. Lambak  
B. Talampas  
C. Kapatagan  
D. Bulubundukin
2. Ano-anong anyong lupa ang matatagpuan sa NCR?  
A. Bundok at Burol  
B. Bulkan at Talampas  
C. Lambak at Kapatagan  
D. Bulubundukin at Lambak
3. Ano-anong anyong tubig ang matatagpuan sa Lungsod ng Maynila?  
A. Ilog at Look  
B. Talon at Bukal  
C. Dagat at Lawa  
D. Karagatan at Sapa
4. Anong anyong tubig at lupa ang matatagpuan sa Parañaque?  
A. Lawa at Lambak  
B. Dagat at Bundok  
C. Ilog at Kapatagan  
D. Karagatan at Burol
5. Alin sa mga sumusunod na Lungsod sa NCR ang mayroong ilog?  
I. Manila at Marikina  
II. Muntinlupa at Las Piñas  
III. Parañaque at Quezon City  
A. I at II  
B. I at III  
C. II at III  
D. I, II at III

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Pag aralan ang Mapa ng Pambansang Punong Rehiyon o *National Capital Region (NCR)* . Alamin ang mga anyong tubig at anyong lupa na nakapaligid sa inyong lungsod at bayan. Gumawa ng payak na mapa ng inyong lungsod o bayan gamit ang mga simbolo na natutunan ninyo sa pagbuo nito sa inyong sagutang papel.

**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:**

Bilang mag-aaral, sumulat ng dalawang kabutihang dulot ng paggamit ng mapa. Isulat sa sagutang papel.

## Mga Lugar na Sensitibo sa Panganib Batay sa Lokasyon at Topograpiya

Aralin 7

WEEK

7

**I**

Layunin ng araling ito na makatulong sa iyong pag-aaral upang lubos na maunawaan na matukoy ang mga lungsod/munisipalidad na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at topograpiya nito.



## **Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang mga pahayag.

Ang **Topograpiya** ay ang paglalarawan sa pisikal na anyo ng isang lugar, kabilang dito ang hugis, posisyon at taas ng kalupaan dahil Ang Pilipinas ay matatagpuan sa Timog-Silangang Asya. Madalas na nadadaan ng bagyo ang ating bansa na tinatayang 20 hanggang 25 na bagyo ang nararanasan kada taon dahil ito ay may kinalaman sa lokasyon at topograpiya ng bansa. Ang mga lungsod at bayan sa Kalakhang Maynila ay nahahati sa tatlong bahagi.

**Unang bahagi** ay ang kalupaang nasa baybaying look ng Maynila kung saan matatagpuan ang **Maynila, Pasay, Parañaque, Navotas, Malabon** at **Las Piñas**. **Ikalawang bahagi** ay ang lupaing malayo sa baybayin na binubuo naman ng **Caloocan, Lungsod ng Quezon, Makati, Muntinlupa, San Juan** at **Valenzuela**. Matataas ang mga lugar na ito. **Huling bahagi** naman ay ang lupaing nasa **Lambak ng Marikina** na binubuo naman ng **Pateros, Pasig, Taguig** at **Marikina**.

Pinakamababa ang mga lugar na ito kaya madalas binabaha. Ang Lungsod ng Marikina ay pinangangambahan na mapanganib dahil sa **West Valley Fault** ayon sa **PHIVOLCS o Philippine Institute of Volcanology and Seismology** ito ay ahensiya na nagbabantay sa kalagayan ng mga bulkan na kung saan ang *West Valley Fault* ay umabot na sa lalawigan ng Bulacan hanggang Laguna. Ito ay dumaraan sa **Metro Manila** kapag nagkaroon ng lindol na may **magnitude 7.2** gaya ng tumama sa Bohol.

Nanganganib tayong mga naninirahan sa Metro Manila kapag tumama sa *fault line* na ito. Mga lungsod na apektado kabilang ang **Marikina, Lungsod ng Quezon, Pasig, Makati, Taguig, Muntinlupa, Parañaque** at **Munisipalidad ng Pateros** ay nanganganib kung magkaroon ng nasabing malakas na lindol. Tingnan ang itim na guhit sa **hazard map** ng **National Capital Region (NCR)** ito ay *fault line*, ipinapakita nito ang mga lugar na nanganganib kung sakaling magkaroon ng malakas na lindol.

Ang **Hazard Map** ay isang uri ng mapa na naglalarawan sa mga lugar na maaaring manganib sa partikular na sakuna o kalamidad. Karaniwang binuo at ginawa ito upang tukuyin ang mga lugar na mapanganib bunga ng likas na kalamidad o sanhi ng kalikasan. Ang mga kalamidad na ito ay **lindol, pagputok ng bulkan, landslide, pagbaha, El Niño, El Niño** at **tsunami**.



Ang **PAGASA** o (**Philippine Atmospheric Geophysical and Astronomical Services Administration**) ang ahensiya ng pamahalaan na nagbabantay sa kalagayan ng panahon na nagbibigay ng tamang impormasyon sa mga mamamayan upang ito'y ating mapaghandaan.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Tukuyin ang mga kalamidad na inilalarawan sa Hanay B. Piliin ang letra ng tamang sagot.

**HANAY A**

1. Pagguho ng lupa
2. Pagyanig ng lupa
3. Mahabang Tag – init
4. Pag-agos ng tubig sa mababang lugar
5. Malakas na ihip ng hangin na may kasamang malakas na ulan

**HANAY B**

- A. Baha
- B. Bagyo
- C. Lindol
- D. El-Niño
- E. Landslide

**D**


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Pag-aralan ang mapa ng NCR. Ano-ano ang mga lungsod/bayan sa Kalakhang Maynila ang nanganganib sa lindol dahil sa *Marikina West Valley Fault*. Piliin ang tamang sagot sa kahon at isulat sa sagutang papel.



- |               |              |             |
|---------------|--------------|-------------|
| A. Malabon    | D. Navotas   | G. San Juan |
| B. Marikina   | E. Parañaque | H. Taguig   |
| C. Muntinlupa | F. Pasig     |             |
| I. Valenzuela |              |             |

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Suriin ang *Hazard Map* ng NCR. Sagutin ang mga sumusunod na tanong at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.



1. Aling mga lungsod sa **NCR** ang may katamtamang posibilidad na makararanas ng pagbaha?
  - A. Marikina, Maynila, Malabon at Navotas
  - B. Caloocan, Las Piñas, Parañaque at Pasay
  - C. Caloocan, Makati, Muntinlupa at Valenzuela
  - D. Makati, Muntinlupa, Maynila at Mandaluyong
2. Batay sa *Flood Hazard Map*, alin sa mga lungsod na ito ang may mataas na antas ng pagbaha?
 

I. Maynila	II. Marikina	III. Muntinlupa	IV. San Juan
A. I at II		C. III at IV	
B. II at III		D. I at IV	
3. Aling mga lungsod ang may mababang antas na nakararanas ng pagbaha?
 

I. Marikina at Pasig	III. Quezon City at San Juan
II. Muntinlupa at Taguig	IV. Timog Caloocan at Valenzuela
A. I at II	B. II at III
C. I at III	D. III at IV
4. Batay sa *Earthquake Hazard Map*, alin sa mga lungsod sa **NCR** ang may malakas na epekto ng lindol?
  - A. Marikina, Pasig, Parañaque at Taguig
  - B. Caloocan, Malabon, Quezon City at Valenzuela
  - C. Las Piñas, Marikina, Muntinlupa at Parañaque
  - D. Makati, Mandaluyong, Muntinlupa at San Juan
5. Alin sa mga lungsod ng **NCR** ang may mahinang epekto ng lindol?
 

I. Marikina at Pasig	III. Valenzuela at Makati
II. Quezon City at Caloocan	IV. Taguig at Parañaque
A. I at II	B. II at IV
C. II at III	D. I at III

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Basahing mabuti ang mga tanong. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Anong kalamidad ang madalas maranasan natin sa **NCR**?  
A. Lindol      B. Pagbaha      C. *Landslide*      D. Pagputok ng Bulkan
2. Ito ay isang pangyayari na sanhi ng kalikasan o maaaring gawa ng tao.  
A. Bagyo      B. *Hazard Map*      C. Kalamidad      D. Topograpiya
3. Bakit mababa ang antas ng pagbaha sa Lungsod ng Muntinlupa? Ito ay dahil sa \_\_\_\_\_.  
A. mababa ang bahagi ng kalupaan  
B. nasa mataas na bahagi ang lugar  
C. nasa bundok na bahagi ng kalupaan  
D. nasa baybaying bahagi ang kalupaan
4. Bakit ang Lungsod ng Parañaque ay manganganib sa Tsunami? Ito ay dahil sa malapit sa \_\_\_\_\_.  
A. burol  
B. coastal  
C. talampas  
D. bulubundukin
5. Anong ahensiya ng pamahalaan ang nagbibigay babala sa paparating na bagyo?  
A. LGU      B. NDRRMC      C. PAGASA      D. PHIVOLCS

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Iguhit ang iyong sagot sa sagutang papel. Gumuhit ng poster na nagpapakita kung paano ka makatutulong sa pangangalaga sa ating kalikasan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Basahin ang sitwasyon at ipaliwanag sa dalawang pangungusap ang iyong kasagutan sa sagutang papel.

Napanood mo sa telebisyon ang balitang paparating na *Super Typhoon* sa ating rehiyon. Ano ang paghahanda ang dapat mong gawin para sa buong pamilya?

# Wastong Pangangasiwa ng Likas Yaman ng Sariling Lalawigan at Rehiyon

## I

Ang mga ito ay ilan lamang sa matalinong pamamaraan o hakbang sa wastong pangangasiwa ng ating likas na yaman upang patuloy na magamit pa ito ng susunod pang henerasyon ng ating bansa.

Ang aralin na ito ay naglalayong maipaliwanag ang wastong pangangasiwa ng mga pangunahing likas na yaman ng sariling lalawigan at rehiyon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang talata.

Ang likas na yaman ang pangunahing pinanggagalingan ng ikanabubuhay ng mga tao. Mahalaga ito dahil nakatutulong ito sa kanilang pang araw-araw na pamumuhay, ito rin ang nagbibigay ng kanilang hanapbuhay tulad ng pangingisda, pagsasaka at pagmimina. Dito rin nakukuha ang mga pagkain, materyales sa paggawa ng tirahan at kasuotan.

Ang mga mamamayan at pinuno ng bawat lungsod ng Pambansang Punong Rehiyon ay nagsagawa ng mga hakbang upang patuloy na mapaunlad ang ating likas na yaman. Ang mga larawan sa ibaba ay ang mga sumusunod na wastong pamamaraan sa pangangasiwa ng ating pangunahing likas na yaman.

Sa patuloy na pag-unlad ng ating kalikasan, ang mga mamamayan sa iba't ibang lungsod tulad ng Navotas, Malabon, Parañaque, at Maynila ay kilala sa pagkakaroon ng masaganang yamang-dagat na siyang pinagkukunan ng mga isda ng mga taong nakatira dito kaya't hindi nila hinahayaang masira ang kanilang mga katubigan at kapaligiran na talaga namang dinarayo ng mga turista.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Tingnan ang mga larawan sa ibaba na nagpapakita ng wastong pamamaraan sa pangangasiwa ng ating likas na yaman. Bilugan ang bituin (★) sa loob ng kahon kung ito ay nagpapakita ng wastong pangangasiwa ng likas na yaman at kalahating bituin (◐) kung ito naman ay hindi nagpapakita ng wastong pangangasiwa ng likas na yaman.

1.  <div><input type="checkbox"/> ★ <input type="checkbox"/> ◐</div>	2.  <div><input type="checkbox"/> ★ <input type="checkbox"/> ◐</div>	3.  <div><input type="checkbox"/> ★ <input type="checkbox"/> ◐</div>
---	---	---



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Isulat sa patlang ang **TAMA** kung ang gawain ay makakatulong sa wastong pangangalaga ng likas na yaman at **MALI** kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Pagtatanim ng halaman.
- \_\_\_\_\_ 2. Pagtatapon ng basura sa estero at kanal.
- \_\_\_\_\_ 3. Pakikiisa sa Clean and Green Project.
- \_\_\_\_\_ 4. Pagre-recycle ng mga patapong bagay na maaari pang magamit.
- \_\_\_\_\_ 5. Paggamit ng dinamita sa pangangisda.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Iguhit sa inyong sagutang papel ang mga wastong pangangasiwa ng Likas na Yaman na makikita sa inyong Lungsod na kinabibilangan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod na lungsod ang kilala sa pagkakaroon ng masaganang Likas na Yamang-Tubig?
  - A. Pasay
  - B. Pateros
  - C. Navotas
  - D. Mandaluyong
2. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang pinaka nagpapakita ng pangangalaga sa Likas na Yaman?
  - A. Si Mika ay nag-aalaga ng halaman sa paaralan.
  - B. Nagwawalis araw-araw sa harap ng bakuran sa tahanan.
  - C. Tumutulong si Toto sa paglilinis ng bakuran sa paaralan.
  - D. Si Mina ay nakikilahok sa mga proyektong pampamayanan na naglulunsad ng kaayusan ng kanilang lungsod.
3. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** nagpapakita ng wastong pangangasiwa ng Likas na Yaman ng sariling lungsod at rehiyon?
  - A. Pagsali sa proyektong Clean and Green.
  - B. Pagtatapon ng basura sa hindi tamang lugar
  - C. Muling pagtatanim pagkatapos magputol ng mga punong kahoy sa kagubatan.
  - D. Nakikilahok sa mga aktibidades ng pamayanan ng iyong lungsod sa pagpapaganda ng inyong kalikasan.

4. Ang mga sumusunod ay nagpapakita na ang isang lungsod o bayan ay may maunlad na Likas na Yaman maliban sa isa? Kung ito ay \_\_\_\_\_.  
A. napapaligiran ng basura  
B. nagbibigay ng kabuhayan  
C. nagagamit ng wasto  
D. nagbibigay ng sariwa at masustansiyang pagkain
5. Bilang isang mag-aaral, paano mo mapangangalagaan ang Likas na Yaman?  
A. Huwag pansinin ang mga kalat sa paligid.  
B. Umiwas sa mga gawaing pampamayanan.  
C. Maging responsableng bata sa inyong lugar.  
D. Umasa nalang sa mga nakakatanda sa pag-aalaga ng kapaligiran.

### Gawain sa Pagkatuto Bilang 6

Isulat sa patlang ang **TAMA** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng Wastong Pangangasiwa ng Likas Yaman at **MALI** naman kung HINDI.

- \_\_\_\_\_ 1. Naglilinis ng estero at baradong kanal.
- \_\_\_\_\_ 2. Nagtatapon ng basura sa tamang basurahan.
- \_\_\_\_\_ 3. Hindi pakikiisa sa programang *Clean and Green Program*.
- \_\_\_\_\_ 4. Maging responsableng batang Pilipino sa paggamit ng likas na yaman.
- \_\_\_\_\_ 5. Pinapanatiling malinis at maayos ang kapaligiran ng inyong Lungsod.

**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Sumulat ng dalawang pamamaraang ginagawa ng inyong lungsod kung paano pinangangalagaan at pinahahalagahan ang Likas Yaman. Isulat sa sagutang papel.

WEEK  
8.2


## Kapaligiran ng mga Lungsod sa National Capital Region Aralin 8.2

**I**

Ang araling ito ay naglalayong makabuo ng sariling interpretasyon o paglalarawan ng kapaligirang kinabibilangang lungsod at karatig-lalawigan ng rehiyon gamit ang mapa.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang talata. Ang *National Capital Region (NCR)* ay makikita sa pagitan ng Laguna de Bay sa timog-silangan at ng Manila Bay sa kanluran. Binubuo ito ng labing anim (16) na lungsod at isang (1) munisipalidad. Ito ang sentro ng politika, pangangalakal, lipunan, kultura, at edukasyon ng Pilipinas.

**Sa ibaba ay ang paglalarawan at lokasyon ng mga lungsod sa NCR. Pag-aralan din ang mapa.**



Mga Lungsod	Paglalarawan	Lokasyon
<b>Maynila</b>	Kilala bilang punong lungsod ng Pilipinas. Dito makikita ang bantayog ni Dr. Jose Rizal.	Nasa baybayin ng Look ng Maynila na nasa kanlurang bahagi ng Pambansang Punong Rehiyon na nasa kanlurang bahagi ng Luzon.
<b>Lungsod Quezon</b>	Maraming malalawak na liwasan, at mga pook pang-komersyo. Makikita rito ang Unibersidad ng Pilipinas	Nasa bahaging timog ng Caloocan, kanluran ng Marikina, silangan ng Valenzuela at nasa hilaga ng San Juan.
<b>Caloocan</b>	Ito ay pinaniniwalaang nagmula sa salitang	Nasa hilagang bahagi ng Valenzuela at Quezon City.

	tagalog na “look”na tumutukoy sa mga bahaging katubigan.	
<b>Las Piñas</b>	Ang kalahating nasasakupan na lupain ay pamahayan (residential) samantalang ang natitirang kalahati ay pangkalakalan (commercial) industriyal at institusyunal..Kilala sa tawag na Bamboo Organ	Sa hilaga at hilagang-silangan ng Muntinlupa; sa silangan at timog-silangan ng Paranaque.
<b>Makati</b>	Ang sentro ng kalakalan, pananalapi at negosyo sa Pilipinas. Dito matatagpuan ang karamihan ng mga malalaking kompanyang banyaga at lokal na korporasyon ng bansa.	Ang karatig ng lungsod sa hilaga ay ang Pasig at nakaharap sa Mandaluyong, sa timog-silangan ang munisipalidad ng Pateros at Taguig, sa hilagang-kanluran ang Maynila, at sa timog-kanluran ay Pasay.
<b>Malabon</b>	Karamihan sa lupain ay natutuon sa paninirahan at pangkabuhayan ,may mga industriya at palaisdaan.Kilala rin sa iba’t ibang pagkain tulad ng pancit at kakanin.	Nasa hilaga ng Maynila, timog at silangang hangganan ng Caloocan, sa kanluran ang Navotas at sa hilaga ang Valenzuela.
<b>Mandaluyong</b>	Ito ay sentro ng kalakalan na inihalintulad sa produksyon ng pinaka produkto ng palitan.Ito ay tinaguriang” Shopping Capital of the Philippines”	Nasa kanluran ng Maynila, San Juan sa hilaga, Quezon at Pasig sa silangan, at ang Makati sa timog.
<b>Marikina</b>	Kilala bilang Sentro o Kabisera ng Sapatos sa Pilipinas.	Matatagpuan ito sa silangang hangganan ng Kalakhang Maynila, Lungsod Quezon sa kanluran, Lungsod ng Pasig sa timog.
<b>Muntinlupa</b>	Makikita dito ang Ayala Alabang Village kung saan isa sa pinakamalaki at pinakamahal na residential communities para sa mga mayayamang namumuhay	Matatagpuan sa timog Kalakhang Maynila. Pumapaligid rito ang mga lungsod ng Taguig, Parañaque at Las Pinas
<b>Navotas</b>	Isang baybaying lungsod .Kilala sa kanyang mga patis at bagoong at tinuturing na "Kapital sa Pangangisda ng Pilipinas".	Nasa hilagang-kanlurang bahagi ng Kalakhang Maynila.
<b>Parañaque</b>	Hinirang bilang urbanisadong lungsod ni dating Pangulong Fidel V. Ramos noong 13 Pebrero 1998. Ang dating pangunahing hanapbuhay ay ang paggawa ng asin, pangangisda, pagtatanim ng palay, paggawa ng sapatos, paggawa ng tsinelas at paghahabi.	Ito ay napapaligiran sa hilaga ng Lungsod ng Pasay, Lungsod ng Taguig sa hilagang-silangan, Lungsod ng Muntinlupa sa timog-silangan, Lungsod ng Las Piñas sa timog-kanluran.
<b>Pasay</b>	Sa Kasalukuyan, dito makikita ang gusali ng Senado, ang Paliparang Pandaigdig ng Ninoy Aquino, at ang <i>SM Mall of Asia</i> .	Napaliligiran ito ng Maynila sa hilaga, Lungsod ng Makati sa hilagang-silangan, Lungsod ng Taguig sa silangan at Lungsod ng Parañaque sa timog.
<b>Pasig</b>	Isang lungsod panirahan, pangkalakalan at pang industriya na kilala rin sa industriya ng tela.	Napaliligiran sa kanluran ng Lungsod Quezon at Mandaluyong; sa hilaga ng Marikina; sa timog ng Makati, Taguig at bayan ng Pateros.
<b>San Juan</b>	Pinakamaliit na lungsod sa NCR, Kilala sa makasaysayang Dambana ng Pinaglabanan (Pinaglabanan Shrine) , Museo ng Katipunan at Museo El Deposito, Kilala rin bilang Shopping Capital of NCR dahil sa Greenhills Shopping Center.	Napaliligiran ito ng Lungsod Quezon sa hilaga at silangan, Lungsod ng Mandaluyong sa timog, at lungsod ng Maynila sa kanluran.
<b>Taguig</b>	Ang pagodahan ay ang prosesyon ng mga bangka mula sa Ilog ng Taguig hanggang sa lawa ng Laguna. Ang bawat bangka ay kumakatawan sa iba’t	Napaliligiran ng Muntinlupa sa timog, Parañaque sa timog-kanluran, Pasay sa kanluran.



	ibang komunidad ng Taguig.	
<b>Valenzuela</b>	Ang lungsod na ito ay ipinangalan kay Dr. Pio Valenzuela na isang katipunero. Matatagpuan dito ang mga kasangkapan na gawa sa kahoy, tulad ng upuan, lamesa at iba pa. Isarin ang mga isda na ipinoproso at inilalagay sa mga delata.	Nasa timog ng Caloocan, kanluran ng Quezon City at hilaga ng Malabon.
<b>Pateros</b>	Ang pinakamaliit at kasalukuyang nag-iisang munisipyo sa Metropolitan Manila. Dating daungan (port) ng mga bangka, at pinaka-sentro ng kalakalan hindi lng ng Pasig ngunit lahat ng karatig pook. Bukod dito, ay kinikilala din ito sa salitang "pato" at "sapatero".	Napaliligiran ang Pateros ng Lungsod ng Pasig sa hilaga, Lungsod ng Makati sa kanluran, at Lungsod ng Taguig sa timog.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Isulat ang **Tama** sa sagutang papel kung wasto ang paglalarawan sa lungsod na tinutukoy at **Mali** kung hindi.

- \_\_\_1. Kilala ang Lungsod ng Maynila bilang Punong Lungsod ng Pilipinas.
- \_\_\_2. Ang Makati ay sentro ng kalakalan, pananalapi at negosyo sa Pilipinas.
- \_\_\_3. Sentro o Kabisera ng Sapatos sa Pilipinas ang lungsod ng Mandaluyong.

**D**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Pagtapatin ang konsepto na inilalarawan sa mga sumusunod na lungsod. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

### Hanay A


1. Lungsod ng Pasay
2. Lungsod ng Maynila
3. Lungsod ng Marikina
4. Lungsod ng Paranaque
5. Lungsod ng Navotas

### Hanay B

- A. kabisera ng sapatos
- B .paggawa ng asin
- C. bantayog ni Jose Rizal
- D. kapital sa pangingisda
- E. paliparang Ninoy Aquino Airport

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Gamit ang mapa, isulat ang makikita o nakapaligid sa mga sumusunod na lugar sa NCR.

1. Lungsod sa hilaga ng Malabon: \_\_\_\_\_
2. Lungsod sa hilaga ng San Juan: \_\_\_\_\_
3. Lungsod sa kanluran ng Pateros: \_\_\_\_\_
4. Lungsod sa kanluran ng Quezon: \_\_\_\_\_
5. Lungsod sa silangan ng Mandaluyong: \_\_\_\_\_



**Gawaing Pagkatuto Bilang 5:** Anolohiya, Ilarawan ang kinabibilangang lungsod batay sa mga sumusunod na aspekto.

1. Maynila: bantayog ni Dr. Jose Rizal  
Las Pinas: \_\_\_\_\_
2. Paranaque: gawaan ng asin  
Marikina: \_\_\_\_\_
3. Kanluran ng Mandaluyong: Maynila  
Kanluran ng Pasig: \_\_\_\_\_
4. Pagawaan ng pancit at kakanin: Malabon  
Pagawaan ng patis at bagoong: \_\_\_\_\_

**E**

**Gawaing Pagkatuto Bilang 6:** Piliin sa loob ng kahon ang wastong salita upang mailarawan ang lungsod na tinutukoy sa pangungusap. Isulat sa sagutang papel.

labing anim  
Sentro

malalawak  
urbanisadong lungsod

paggawa ng balut  
walo

1. Ang Pateros ay nag-iisang munisipalidad sa Rehiyong NCR at kilala sa \_\_\_\_\_.
2. May \_\_\_\_\_ lungsod at isang munisipalidad ang *National Capital Region*.
3. \_\_\_\_\_ng kalakalan, pananalapi at negosyo sa Pilipinas ang Lungsod ng Makati.
4. Ang Lungsod ng Paranaque ay hinirang na \_\_\_\_\_ ni dating Pangulong Fidel V. Ramos.
5. Maraming \_\_\_\_\_ na liwasan sa Lungsod ng Quezon kung saan matatagpuan ang Unibersidad ng Pilipinas.

**Gawaing Pagkatuto Bilang 7:** Batay sa mapa ng rehiyon, sagutin ang mga sumusunod. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat sa sagutang papel.

1. Aling lungsod ang pinakamalaki sa NCR?  
A. Makati  
B. Parañaque  
C. Pasay  
D. Quezon City
2. Alin sa mga sumusunod ang pinakamaliit na bayan sa NCR?  
A. Pasay  
B. Pateros  
C. Taguig  
D. Valenzuela
3. Ano- anong lungsod ang nasa bahaging timog ng Parañaque?  
A. Las Piñas at Muntinlupa  
B. Pasig at Pateros  
C. Mandaluyong at Maynila  
D. Pasay at Makati
4. Anong lungsod ang nasa hilagang bahagi ng Lungsod Quezon?  
A. Caloocan  
B. Maynila  
C. San Juan  
D. Taguig
5. Anong rehiyon ang makikita sa pagitan ng Laguna de Bay sa timong-silangan at Manila Bay sa kanluran?  
A. CAR  
B. CALABARZON  
C. MIMAROPA  
D. NCR

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Sumulat ng limang pangungusap na naglalarawan ng inyong lungsod na iyong ipinagmamalaki.



# Susi sa Pagwawasto

**Week 1**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

- Paaralan
- Ilog
- Kagubatan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**

- 
- 
- 
- 
-

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**

- D
- E
- A
- C
- B

**Week 2**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

- Hilaga
- Kanluran
- Timog

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**

- North Arrow
- Pangunahing Direksiyon
- Pangalawang Direksiyon
- Compass Rose
- Compass

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**

- Pasay
- Caloocan
- San Juan/ Mandaluyong
- Makati
- Quezon City

**Week 4**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2.**

- C
- D
- B

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4.**

- Kapatagan
- Look
- Kapatagan
- Lambak
- Ilog

**Week 5**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**

Ospital

Simbahan

Kapatagan

Kagubatan

Kabunduk

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6**

- B
- D
- B
- C
- D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7**

- Mga bahay
- Paaralan
- Pamilihan
- Simbahan
- Ilog

**Week 6**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

- Tama
- Mali
- Mali
- Tama
- Tama

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**

- E. NCR
- B.La Mesa Dam
- A.Ilog Pasig
- D.Ilog Paranaque
- C. Ilog Tullahan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**

- D
- D
- B
- A
- A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**

- Look ng Maynila
- Ilog ng Marikina
- Ilog ng Paranaque
- Sierra Madre
- Ilog Tullahan

**Week 7**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

- E
- C
- D
- A
- B

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**

- B
- A
- C
- E
- F
- H

Note: In any order

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**

- B
- A
- B
- A
- C

**Week 8.1**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

- Tama
- Mali
- Tama
- Tama
- Mali

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**

Tanggapin ang angkop na sagot na iginuhit ng bata sa poster.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**

Lahat ng guhit ng bata ay TAMA tungkol sa Wastong Pangangasiwa ng Likas na Yaman na makikita sa Lungsod na kinabibilangan.

**Week 8.2**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

- TAMA
- TAMA
- MALI
- TAMA
- MALI

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**

- E
- C
- A
- B
- D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**

- Valenzuela
- Lungsod Quezon
- Makati
- Marikina
- Pasig

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**

- Bamboo Organ
- Gawaan ng sapatos
- Quezon City
- Navotas

**Week 8**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6**

- Paggawa ng balut
- Labing anim
- Sentro
- Urbanisadong lungsod
- Malalawak

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7**

- D
- B
- A
- C
- D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8**

Lahat ng sagot ng bata ay tama tungkol sa paglalarawan ng kanilang lungsod na maaari nilang maipagmalaki.







Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education NCR Regional Office

Office Address: Misamis Road, Bago-Bantay, Quezon City

Landline:

Email Address:

